"Sa halip na nag-aalala tungkol sa problema pumunta sa aming libreng pagpapayo"



Maraming tao na ang natulungan ng Center sa kanilang mga problema

problemang legal

◎ **Ang aking kaibigan ay nakasuhan ng pagmomolestiya na hindi naman niya talagang ginawa. Paano namin siya matutulungan para mapawalang bisa ang kaso sa kanya?**

→ Ang problemang ito ay inilapit namin sa Saitama Bar Association para mabigyan ng tamang pagpapayo .

◎ **Paano kaya ang gagawin ko para magkaroon ng Japanese citizenship ang aking anak?**

→ Ipinaliwanag namin sa kanya ang mga kailangan sa pag-aaply ng citizenship.

◎ **Ang nanay ko ay isang banyaga subalit ako ay dito na lumaki sa Japan. Iniwan niya kami at hindi namin alam kung nasaan na siya. May sulat galing sa Immigration at tapos na raw ang aming visa . . .**

→ ipinayo naming dalahin niya ang mga dokumentong magpapatunay kagaya ng seritifikasyon sa eskwelahan, mga litratong kasama ang mga Hapong kamag-anak atibp sa Immigration office.

◎ **Hindi kami legal na kasal ng aking asawa subalit may dalawang anak kami. Dahil dito ay na-expire na ang visa ko. Anong dapat gawin ko?**

→ Gumawa kami ng petition letter kasabay ng mga kasulatang pagpapatunay at dinala niya sa Immigratione office. Nabigyan siya ng pansamantalang visa.

◎ **Maari po bang maisalin ninyo sa Nihonggo ang mga kakailanganing kasulatan para sa pagpapakasal sa aking boyfriend na Hapon ?**

→ Lahat ng mga dokumetong kailangan sa pagpapakasal kagaya ng sertifiko ng kapanganakan,sertifiko galing sa kolehiyo, pasaporte, alien registration atbp. ay aming isinasalin. Nagbibigay din kami ng iba pang pagpapayo..

Pagproseso ng dokumento

◎ **Nais naming magtayo ng corporate NPO, nahihirapan kami sa dami ng mga kailangang papeles.**

→ Tinulungan namin sila sa paggawa ng mga kakailangang dokumento, pagsasalin sa Nihonggo atbp. para ma-aprubahan ang kanilang aplikasyon para maging NPO

◎ **kailangan ng sertifikasyon para maipadala ang mga wheelchairs sa Thailand**

→ Gumawa kami ng kasulatan sa Nihonggo ng pagpapatunay na ang mga wheelchairs ay para sa mga refugees.

◎ **Gusto kong makuha ang refund ng aking withholding income tax, kaya lang hindi ako masyadong nakakapagsalita ng Nihonggo.**

→ Sinamahan namin siya sa taxation office at nakuha niya ang refund ng kanyang witholding tax

Paghahanap ng Tirahan

◎ **Naghahanap ako ng matitirhang apartment, wala akong kakilala para maging guarantor.**

→ Ipinakilala namin siya sa Guarantee Association.

◎ **Hinidi ko alam ang mga dapat isulat sa application form para sa prefectural housing.**

→ Tinuruan namin siya kung ano ang mga dapat isulat sa aplikasyon at binigyan din namin ng mga impormasyon sa pag-apply sa nasabing prefectural housing.

◎ **Naghahanap ako ng murang apartment, wala akong makita. Maari ba ninyo akong matulungan?**

→ Inihanap namin siya ng real estate agency na sanay sa mga banyaga. Kaagad namang nahanapan siya ng apartment sa resonableng presyo.

Sa pang-araw-araw na pamumuhay

◎ **Nakatanggap ako ng sulat galing sa city hall,kaya lang nag-aalala ako dahil sa hindi ko mabasa dahil nakasulat lahat sa Nihonggo**

→ Binasa namin ang sulat at ipinaliwanag ang nilalaman ng sulat

◎ **Nanakit ang aking asawa at hindi sapat ang perang binibigay niya para sa aming pang-araw araw na pangangailangan**

→ Inilapit namin siya sa Social Welfare para mabigyan ng suportang naayon sa pangangailangan niya.

Edukasyon at pagpapalaki ng bata

◎ **Kailangan ko ng tulong sa pagsasanay sa nalalapit na mid-term examination.**

→ Tinulungan namin siya sa kanyang pag-aaral tuwing sabado at linggo.

◎ **Hindi ko kayang samahan ang anak ko sa high school guidance dahil hindi sapat ang Nihonggo ko.**

→ Sinamahan namin sila sa interview bilang tagasalin sa mga pag-uusap.

◎ **Nais naming magbuo ng soccer club para makapaglaro ng soccer ang mga anak namin.**

→ Dahil may kahirapang bumuo ng soccer club, ipinakilala namin sila sa soccer club sa kanilang lokal na komunidad. Miyembro na ang kanilang mga anak sa soccer club na ito.

◎ **Kailangan kong magpunta sa eskuwelahan ng aking anak para sa nakatakdang kunsultasyon at pakikipag-usap sa kanyang guro. Mayroon kaya kayong maaring maging tagapagsalin?**

→ Inaayos namin ang iskedyul niya at sinamahan sa pagkukunsulta sa eskuwelahan.

◎ **Apat na buwan na kami sa Japan, nais naming ipasok sa eskuwelahan ang aming anak**

→ Pumunta kami sa board of education ng syudad at sinabi ang pagnanais ng mga magulang na maipasok ang kanilang anak. Kaagad namang nabigyan ng solusyon at nakapasok ang bata

◎ **May problema kami sa anak naming dalaga. Hindi niya kami sinusunod at nagiging rebelde. Palagi rin siyang natutulog sa bahay ng mga kaibigan at hindi namin mapigil.**

→ Kinausap namin ng personal ang kanilang anak na dalaga. At dahil may problema din siya sa eskuwela, nakipag-usap din kami sa kanyang guro. Naging maganda ang resulta ng pagkukunsulta at dahil doon ay natigil ang pagrerebelde ng bata.

Medikal na problema

◎ **Hindi ko maintindihan ang nakasulat sa aking medical certificate. Maari ba ninyong ipaliwanag?**

→ Ipinaliwanag namin ang nakasaad sa kanyang certificate.

◎ **Overstay na ang aming status, maari ba naming maipabakuna ang aming mga anak?**

→ Kinontak namin ang public health center sa Kawagoe City at sinabi sa amin na maaring mabigyan ng bakuna ang mga bata sa pribadong hospital na malapit sa kanilang lugar.

●Panoorin natin ang "Asian Paradise"

Malapit nang ipalabas ang nakakatuwang stage play na ito, tungkol sa mga taong nagkasama sa isang tirahan, mga banyagang may iba'tibang kultura.

★ **Kailan :** November 23, 14:30

★ **Saan :** Kopisu Miyoshi (Miyoshi Bunka Kaikan)

★ **Bayad :** Karaniwang bayad ¥1,500
Para sa mga banyaga ¥ 1,000
(Maari ding bumili ng ticket sa center)

● Pagpapabakuna laban sa influenza, ipinapayo

Hindi biro ang magkasakit ng influenza kung kaya't ipinapayo na magpabakuna laban sa influenza para maprotektuhan ang inyong sarili.

Ang kabayaran sa pagpapabakuna ay :

Kung mahigit na 65 taong gulang : ¥1,000

Pangkaraniwan: humigit kumulang ¥ 4,000

Paalala:

Ang bakuna ay hindi kaagad umeepekto (dapat lumipas ang 2 buwan), kaya mas mabuting magpabakuna mula Nobyemre o Disyembre.